



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagi ng ating kapaligiran.



# Pools. Spas at Hot Tubs

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng kontaminasyon

## Iwasan ang magtatapon

Ang pagkatapon ng mga nakakalason at mapanganib na mga solusyon at kemikal na ginagamit sa swimming pools, hot tubs at spas ay dapat linisin kaagad. Ang natapong kemikal ay kailangan makontrol kaagad upang maiwasang pumunta sa stormwater drainage system.

Ilan sa mga kemikal na ito ay may nakakalason at mapanganib na mga katangian. Palaging basahin ng maigi ang mga labels at sundin ang mga instruksyon.

Sakaling magakaroon ng aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kaoaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakatapon ng kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

## Para sa karagdagang kaalaman

RCBC Recycling Hotline  
**604.732.9253**

City of Surrey, Plumbing Section  
**604.591.4245**


City of Surrey  
Drainage & Environment Section  
**604.591.4321**

Metro Vancouver  
Source Control  
**604.436.6777**

Surrey Fire Department  
**604.543.6760**

BC Ministry of Environment  
**604.582.5200**

Kapag may nakitang natapon o itinapon na Kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department at **604.590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.



## Pools, Spas & Hot Tubs

Karamihan ng mga residente ng Surrey ay mayroong swimming pools, "spas" o "hot tubs". Ang mga kemikals na ginagamit upang mapanatiling ang mga ito ay posibleng nakakadulot ng kontaminasyon sa mga "surface and stormwater" kapag ito ay hindi naiimbak, nagagamit at naitatapon ng maayos. Marami sa mga kemikal na ito ay nakalalason sa mga isda at iba pang pantubig-buhay.


Dito sa Surrey ang "stormwater drainage system" ay konektado sa mga daluyang tubig patungong batis, sapa o ilog. Mayroong mahigit 1500 km na mga bukas na ilog sa Surrey. Ang mga ito ang bumubuo sa mga importanteng daanan ng tubig na nagbibigay kanlungan o tirahan nga mga isdang salmon, trout at iba pang pantubig-buhay. Ang pagpapakawala ng kemikals o tubig galing sa "pools" ay maaring dahang-dahang makakaapekto sa sistema nito. Ang hindi wastong pagtatapon ng tubis sa mga "stormwater drain" ay maaring humantong sa pagkawala nga mga "soil nutrients" dahil sa pagtaas ng mga "suspended solids", Chlorine, "Abnormal pH" at iba pang mga kemikal na duladaloy patungong batis, sapa at mga ilog.



## Mga Pinakamahalagang Pamamaraan

Upang maiwasan ang pagpasok ng mga kemikal doon sa "stormwater drainage system na patuloy na dumadaloy patungong ilog, sapa o batis, pakiusap lamang po na gawin and mga sumusunod na mga pamamaraan, **kung kayo ay wala pang "sanitary sewer connection"** sa inyong "pool," "spa" o "hot tubs"

- Tanggalin ang anumang namumu-ong "chlorine" o "bromide tablets" o kaya alisin ito sa filtration system at ihwalay muna ang "automatic detection" na mga aparatò bago pinapaawas ang tubig.
- Pahintulatang mamalagi muna ang tubig hangagng sa ang labi ng "chlorine" at "bromide" ay matutunaw. (Ito ay pagkatapos ng ilang mga araw)
- Isaalang-alang ang pagbumba ng tubig sa hose, sa lababo, sa banyo, o ibang bagay na konektado sa sanitary sewer system.
- Ang "Backwashing" ay gagawin bago ang pagdagdag ng "chlorine" o mga "disinfectants".
- Ang "backwash wastes" at tubig ay maaaring itapon sa lupa na walang malalapit na "stormwater drains", "yard drains", "building perimeter drains" sapa, ilog at batis.
- Huwag magtapon ng tubig sa mga lugar na nakakaapekto sa mga kalapit na kapit-bahay o lupang iba ang nagmamay-ari o kaya may malapit na "stormwater drainage".
- Ang tubig na ginamit sa paglilinis ng "pool" at ng mga tiles nito ay hindi dapat itapon sa "stormwater drainage system".
- Lahat ng kemikals na ginagamit sa "water treatment", paglilinis at maintenance ng "pool" ay itago sa isang lugar na kung saan maiwasan ang mga pagtagos nito sa mga "stormwater drainage system" at "sanitary sewer systems".
- Huwag itapon ang lumang kemikal sa kanal. Kung ang mga ito ay itatapon, tumawag sa RCBC Recycling Hotline.



## Mga Tribia

Ang "chlorine" at "bromine" ay mga keminal na nakakalason ng isda at "aquatic life" kahit na gaano ka kunti ang nakikita sa "detection limit sa test kits. Halimbawa, kahit ang level ng chlorine ay nasa 0.002 parts per million, ito ay maaaring magdulot ng pagkasira sa ating mga sapa, ilog at batis at kapaligiran.

Ang "Filter backwash draining", at maruming tubig ginamit sa paglilinis nito ay may mga kemikals, "detergents" at sobrang pH at iba pang kemikal na nakakalason sa mga isda at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig.

